

Ang Magkaibigang sina Tomarind at Datu Nebuchebeba

Bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, ang mga kaharian ay pinamumunuan ng mga datu. Isa sa mga ito ay ang pinamumunuan ni Datu Nebuchebeba. Lumawak ang kaniyang kaharian sa tulong ng magiting na mandirigmang si Tomarind.

Isang araw, nilusob ang kanilang kaharian ng kabilang tribo. Nailigtas ni Tomarind si Datu Nebuchebeba. Magmula noon, naging magiliw na ang Datu kay Tomarind.



Dumating ang panahon na nasubok ang kanilang pagkakaibigan. Umibig sila sa isang napakagandang Prinsesa mula sa malayong kaharian. Nagkasundo silang sabay na magtapat ng pag-ibig sa prinsesa. Nagkasundo rin sila na kung sinuman ang mapili nito ay tatanggapin nila.

Dumating ang araw ng pagharap sa prinsesa. Pero may ibang balak pala ang amang datu ng prinsesa. Magkakaroon ng pagsubok. Ang mananalo ay magpapakasal sa prinsesa.



Ang unang pagsubok: hanapin ang mahiwagang bato sa kuwebang nasa ikapitong bundok. Pero ang bukana ng kuweba ay binabantayan ng dalawang halimaw na kumakain ng tao. Marami na ang sumubok na pumasok sa kuweba ngunit lahat ay nabigo. Alam nina Datu Nebuchebea at Tomarind ang panganib kung kaya't lumapit sila sa ermitanyong si Tipuca. May ibinigay ito sa dalawa, at sinabing, "Dalhin ninyo ang mahiwagang tungkod na ito at iwasiwas sa mga halimaw."

Matapang nilang hinarap ang mga halimaw. Pero habang nakikipaglaban, nabitiwan ni Datu Nebuchebea ang tungkod. Dadakmain na sana siya ng isang halimaw pero agad na nabawi ni Tomarind ang tungkod. Naiwasiwas niya sa halimaw ang tungkod. Naging maamo ang mga halimaw at iniabot ang mahiwagang bato ng kuweba kay Tomarind. Inihandog ni Tomarind ang mahiwagang bato sa ama ng prinsesa.



Ikalawang pagsubok: maghukay ng malalim na balon para makakuha ng malinis na tubig ang taumbayan. Muli, ginabayan sila ng ermitanyong si Tipuca. Binigyan sila ng mahiwagang pala. Gusto ni Datu



Nebuceba na makabawi sa unang pagkatalo. Maaga pa ay sinimulan na niya ang paghuhukay. Dahil gusto niyang mauna, hindi niya namalayan na gumuho na ang lupa sa paligid ng hukay. Narinig ni Tomarind ang sigaw ni Datu. Nagmadali si Tomarind. Hinatak niya si Datu sa hukay at muli na naman niyang nailigtas ito.

Bilang pasasalamat, ipinaubaya na ni Datu Nebuceba ang prinsesa kay Tomarind. Ikinasal si Tomarind at ang prinsesa.

Nang yumao ang ama ng prinsesa, mapayapang pinamunuan ni Tomarind ang kaharian. Nanatiling magkaibigan sina Datu Nebuceba at Tomarind. Naging mapayapa rin ang dalawang kaharian.